Bakuna laban sa H1N1 (Swine Flu) at Seasonal Flu

SINO ANG DAPAT KUMUHA NG ANONG KLASENG BAKUNA AT KAILAN?

Updated October 13, 2009

Sa taong ito, mayroong dalawang bakunang pwedeng makuha – bakuna laban sa panapanahong trangkaso (seasonal flu) at laban sa trangkasong H1N1 (Swine flu). Pinapayuhan ang lahat na kumuha ng bakuna laban sa dalawang klaseng trangkasong ito. Mayroon ng bakuna laban sa seasonal flu sa San Mateo County. Inaasahang darating ang bakuna laban sa H1N1 (Swine flu) sa kalagitnaan ng Oktubre pero maaaring konti lang ang supply sa una. Pagkatapos ng ilang panahon ay magiging sapat na ang supply ng bakunang ito para sa sinumang gustong maprotektahan laban sa H1N1 (Swine flu).

	Bakuna laban sa Trangkasong H1N1 (Swine Flu)	Bakuna laban sa Panapanahong Trangkaso o Seasonal Flu
Anong klaseng bakuna laban sa trangkaso o flu ang mayroon?	Pwedeng makuha ang parehong bakuna bilang inyeksyon (bakunang hindi aktibo at pwedeng iinyeksyon) o bilang spray sa ilong (bakunang aktibo at mas malabnaw). Ang mga malulusog at hindi buntis na tao na nasa edad 2 – 49 na taon lamang ang mga pwedeng gumamit ng bakuna na spray sa ilong. Ang lahat na hindi sakop dito ay dapat kumuha ng bakunang inyeksyon.	
Ilang dosis ang kailangan ko?	• Kailangan ng 1 dosis ng mga mga taong may edad na 10 na taon o higit pa • Kailangan ng 2 dosis ng mga batang may edad na **6 na buwan hanggang 9 na taon**. Magkahiwalay ang mga dosis na ito ng 4 na linggo.	• Kailangan ng 2 dosis ng mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 8 na taon kung ito ang kanilang unang bakuna. Magkahiwalay ang mga dosis na ito ng 4 na linggo. • Kailangan ng 1 dosis ng lahat ng iba pa
Sino ang dapat kumuha ng bakuna at kailan?	Ang bakuna laban sa H1N1 (Swine flu) ay dapat pumunta muna sa mga taong mayroong pinakamataas na posibilidad ng inpeksyon at mga malubhang sakit o sa mga taong maaring makawaha nito sa mga taong may mataas na posibilidad na makakuha ng inpeksiyon at malubhang sakit. ***Walang ibig sabihing priyoridad ang pagkalista ng mga grupo sa ibaba.*** . **Priyoridad na 1 (Oktubre - Marso):** • Mga babaeng buntis • Mga taong nagaalaga o nakatira kasama ng mga sanggol na mas bata kaysa sa 6 na buwan (halimbawa, mga magulang, mga kapatid, mga taga-bigay alaga) • Mga nagtatrabaho sa mga serbisyong pangkalusugan at pang-emerhensiya na laging nahaharap sa mga pasyente o mga bagay na nakakahawa • Mga bata na may edad na 6 na buwan – 4 na taon • Mga bata at tinedyer na may edad na 5 – 18 na taon na may mga kondisyong pangkalusugan na nagbibigay sa kanila ng mas mataas na posibilidad na makakuha ng mga komplikasyon mula sa trangkaso **Priyoridad na 2 (Nobyembre - Marso) mga nasa itaas at:** • Lahat ng iba pang nagtatrabaho sa mga serbisyong pangkalusugan at pang-emerhensiya • Lahat ng taong may edad na 6 na buwan – 24 na taon • Mga taong may edad na 25-64 na taon na may mga kondisyong pangkalusugan na nagbibigay sa kanila ng mas mataas na posibilidad na makakuha ng mga komplikasyon mula sa trangkaso. **Priyoridad na 3 (Disyembre - Marso) nasa itaas at:** • Lahat ng mga tao na may edad na 25 na taon o higit pa • Sinumang gustong maprotektahan laban sa H1N1.	Ang bakuna laban sa seasonal flu ay maaaring makuha ng sinumang gustong maprotektahan simula sa kalagitnaan ng Setyembre. ***Walang ibig sabihing priyoridad ang pagkalista ng mga grupo sa ibaba.*** **Setyembre 2009 – Marso 2010** • Lahat ng mga bata na may edad na 6 na buwan - 18 na taon. • Ang mga babaeng buntis • Mga taong may edad na 50 na taon o higit pa • Mga taong may mga tuluy-tuloy na kondisyong pangkalusugan (tulad ng hika) o may mga mahihinang immune system • Mga nakatira sa mga pangmatagalang pasilidad o long-term care facilities • Mga nagtatrabaho sa mga serbisyong pangkalusugan • Mga taong nagaalaga o nakatira kasama ng mga batang may edad na <5 na taon at ng mga taong may edad na ≥50 na taon, lalo na ang mga kasama at taga bigay alaga ng mga batang may edad na <6 na buwan; at • Mga taong nagaalaga o nakatira kasama ng mga taong may mga kondisyong pangkalusugan na nagbibigay sa kanila ng mas mataas na posibilidad na makakuha ng mga komplikasyong malubha mula sa trangkaso.
Pwede ko bang pagsabayin ang pagkuha ko ng bakuna laban sa H1N1 (Swine flu) at laban sa Seasonal Flu?	Oo. Pwedeng pagsabayin ang pagkuha ng bakuna laban sa H1N1 at seasonal flu. Pwede ring makatanggap nang sabay ng isang inyeksyon at spray sa ilong. Pero, hindi pwedeng pagsabayin ang spray sa ilong na bakuna laban sa H1N1 at seasonal flu – may rekomendasyon na paghiwalayin ang pagkuha ng mga ito nang 4 na linggo.	
Saan ako pupunta para sa mga bakuna laban sa trangkaso o flu?	Mabuti kung sa iyong mismong duktor. Inaasahan ang bakuna sa kalagitnaan ng Oktubre. Magbibigay ng inpormasyon kung kailan makukuha ang bakuna at ang mga oras ng mga klinikang mayroon nito sa http://www.smhealth.org/swineflu o tumawag sa Flu Hotline sa 650 573-3927 para sa inpormasyon tungkol sa County Flu Clinics. O bumisita sa http://www.flucliniclocator.org para sa karagdagang inpormasyon sa mga klinikang pang komunidad.	Mabuti kung sa iyong mismong duktor. May bakuna na ngayon. Pumunta sa http://www.smhealth.org/flu o tumawag sa Flu Hotline sa 650 573-3927 para sa inpormasyon tungkol sa County Flu Clinics. Pwede ring pumunta sa http://www.flucliniclocator.org para sa karagdagang inpormasyon sa mga klinikang pang komunidad.